# News Release

## Simulan na ang laro!

*Nagbukas ang bagong artificial turf field na maraming gamit sa Emily Carr Secondary School*

**VAUGHAN, ON (Mayo 25, 2026)** – Muli namang nagtagumpay ang komunidad ng isports sa Vaughan Isang bagong artificial turf field na maraming gamit ang nakabukas na ngayon sa Emily Carr Secondary School (4901 Rutherford Rd.), na nagbibigay sa mga atleta ng moderno at de-kalidad na lugar para maglaro, magsanay, at makipagkumpitensya.

Kanina, nagtipon sina Mayor Steven Del Duca, mga miyembro ng Konseho, at mga miyembro ng Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region upang ipagdiwang ang engrandeng pagbubukas ng bagong field, na nagtatakda ng isang kapana-panabik na yugto para sa lokal na isports at libangan.

Handa na ngayong gamitin, ang makabagong pasilidad ay nagbibigay ng mas mahabang pagkakataon para makapaglaro sa iba't ibang uri ng isports, kabilang na ang soccer, football, rugby, field hockey, at track and field – na ginagawa itong tunay na sentro para sa mga atleta sa lahat ng antas.

Ang inayos na pasilidad ay may mga kahanga-hangang kagamitan tulad ng maliwanag at bagong ilaw sa field, sintetikong takbuhan, digital na scoreboard, at mga upuan para sa mga manonood, na nagbibigay ng mas magandang karanasan para sa mga manlalaro at mga tagahanga.

Sa bagong idinagdag na ito, patuloy na namumuhunan ang Vaughan para sa masigla at malulusog na komunidad at mga de-kalidad na lugar para sa libangan na nagbubuklod sa mga tao sa pamamagitan ng isports. Para sa mga tanong tungkol sa pagpapaupa, mangyaring makipag-ugnayan sa vaughan.ca/**FacilityRentals**.

**MGA PANIPI**

"Ipinagmamalaki kong ipagdiwang, kasama ang ating mga kasosyo sa Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region, ang engrandeng pagbubukas ng ganap na bagong artificial turf field na maraming gamit sa Emily Carr Secondary School. Ang makabagong pasilidad na ito ay nagbibigay ng moderno at de-kalidad na lugar kung saan maaaring magsanay at magsaya ang mga atleta, sila man ay baguhan pa lamang o nakikipagkumpitensya na sa mataas na antas. Ang bagong field na ito ay sumasalamin sa patuloy na pamumuhunan ng Lungsod ng Vaughan

sa isports at libangan, sa ating mga kabataan, at sa ating komunidad. Nais kong pasalamatan ang pangkat ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Imprastraktura at ang Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region para sa kanilang mahusay na pakikipagtulungan at pagsisikap na maisakatuparan ito. NNgayon, kayong lahat, itali ninyo ang inyong mga sapatos, pumunta sa field at magsaya!"
- Mayor Steven Del Duca

"Labis akong nasasabik na parehong masisiyahan ang mga manlalaro at tagahanga ng isports sa bago at mas pinagandang field sa Emily Carr Secondary School! May kakayahang tumugon sa iba't ibang uri ng isports — mula sa soccer at football hanggang sa rugby at track and field – ang field na ito ay mabilis na magiging masiglang sentro para sa atletiko, pagkakabuklod ng komunidad, at napakaraming kasiyahan! Salamat sa lahat ng naging bahagi upang maisakatuparan ito. Umaasa akong maging lugar ang field na ito kung saan mabubuo ang mga magagandang alaala sa mga darating na taon."
- Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2

"Ang pisikal na aktibidad ay mahalagang bahagi ng kalusugan at kapakanan ng mga mag-aaral, na isang prayoridad ng Maraming Taong Estratehikong Plano ng ating lupon, na binuo ng Lupon ng mga Katiwala. Sa pamamagitan ng pagkakaisa upang gawin ang field na ito, sinusuportahan natin ang tagumpay ng mga mag-aaral at isinusulong ang malusog at aktibong pamumuhay. Nais kong ipaabot ang aking taos-pusong pasasalamat kay Mayor Del Duca at sa Lungsod ng Vaughan para sa kanilang pamumuhunan sa field na ito, at sa Kagawaran ng Edukasyon para sa kanilang suporta."
- Ron Lynn, Tagapangulo ng Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region

"May kakayahan ang isports na pagbuklurin ang mga komunidad habang itinataguyod ang kalusugan, kapakanan, at tagumpay ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbuo ng ugnayan, katatagan at iisang layunin. Ang pagdaragdag ng artificial turf field na iro ay lalong nagpapatibay sa impluwensyang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng inklusibo at de-kalidad na lugar na nagpapalawak ng pagkakataong makapaglaro, nagpapahaba ng panahon ng mga palakasan, at lumilikha ng mas maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral at miyembro ng komunidad na magsama-sama at umunlad. Nais kong pasalamatan ang Lungsod ng Vaughan para sa kanilang patuloy na pakikipagtulungan at suporta sa ating mga mag-aaral, pati na rin ang Kagawaran ng Edukasyon para sa kanilang suporta sa gawaing ito."
- Bill Cober, Punong Ehekutibong Opisyal ng Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region

**MABILISANG KATOTOHANAN**

- Kanina, nagtipon sina Mayor Steven Del Duca, mga miyembro ng Konseho, at mga miyembro ng Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region upang ipagdiwang ang engrandeng pagbubukas ng bagong artificial turf field sa Emily Carr Secondary School.
- Ang makabagong pasilidad ay nagbibigay ng mas mahabang pagkakataon para makapaglaro sa iba't ibang uri ng isports, kabilang na ang soccer, football, rugby, field hockey, at track and field – na ginagawa itong tunay na sentro para sa mga atleta sa lahat ng antas.
- Ang inayos na pasilidad ay may mga kahanga-hangang kagamitan tulad ng maliwanag at bagong ilaw sa field, sintetikong takbuhan, digital na scoreboard, at mga upuan para sa mga manonood, na nagbibigay ng mas magandang karanasan para sa mga manlalaro at mga tagahanga.

**ALAMIN ANG HIGIT PA**

- vaughan.ca/**parks**

**BASAHIN ANG BALITANG ITO SA MGA SUMUSUNOD NA WIKA**

- Cantonese
- Farsi
- Hebrew
- Hindi
- Italian
- Mandarin
- Russian
- Spanish
- Tagalog
- Tamil
- Urdu
- Vietnamese

-30-

**TUNGKOL SA VAUGHAN:** Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

# News Release

**KONTAK NG MEDIA:** Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca